

# GLENDALE

## GLENDALE RFQ

Ang Lungsod ng Glendale ay patungo sa pagiging isang destinasyon ng sining at kultura sa rehiyong metropolitan ng Los Angeles. Sa pagninilay-nilay sa kaniyang magkakaibang populasyon, kasaysayan at inobasyon nito sa mga pampublikong espasyo, hinahangad ng Lungsod na higit pang pagyamanin ang pang-araw-araw na karanasan ng komunidad na may diin sa kahalagahan ng sining at kultura.

Bilang bahagi ng inisyatibo ng Lungsod ng Glendale na maging isang pangunahing destinasyon ng sining at kultura, hanggang sampung pangmatagalan hanggang permanenteng instalasyon ng likhang sining ang ikokomisyon, bubuoin at itatag sa loob ng susunod na ilang taon. Ang instalasyon ng mga landmark na ito ay estratehikong ilalagay sa buong Lungsod sa mga lokasyong nakatutok sa pagkakaroon ng pampublikong access at hinihikayat ang pampublikong pakikipag-ugnayan at inter-aktibidad.

Binabalangkas ng RFQ na ito ang tatlong kasalukuyang oportunidad sa sining sa buong Lungsod ng Glendale.



## PANGKALAHATANG OPORTUNIDAD NG PROYEKTO

Ang panawagang ito para sa mga artista ay ipapaabot para sa tatlong magkakaibang oportunidad sa proyekto sa Lungsod ng Glendale. Ang layunin ng lahat ng tatlong oportunidad sa likhang sining ay lumikha ng world-class na pampublikong likhang sining sa magkakaibang hanay ng mga midyum na idinisenyo upang umakit sa komunidad, at ipakita ang pagkakaiba-iba ng kultura ng Lungsod at pahusayin ang iba't ibang sibiko at pampublikong espasyo.

Ang bawat lokasyon ay naiiba at humihingi ng sarili nitong natatanging mga midyum na gumagamit ng lubos na mapanlikha at pasulong na pag-iisip na mga diskarte. Hihilingin sa mga piling Artista at Koponan ng mga Artista na magpakita ng mga malikhaing aplikasyon upang suportahan ang pagbuo at pagiging aktibo ng isang komunidad na inuugnay ng pampublikong sining nito.

Hinihikayat namin ang Mga Artista at Koponan ng mga Artista na suriin ang mga pagkakataon at isaalang-alang kung paano nauugnay ang kanilang sariling kasanayan sa mga hinihinging konsepto at biswal at kung paano maaaring tugunan ng kanilang kasanayan sa sining ang mga nakasaad na layunin ng proyekto. Sa pag-aplay sa RFQ, maaaring mag-aplay ang Mga Artista at Koponan ng mga Artista sa isa o maraming pagkakataon kung saan sa tingin nila ay makabubuo sila ng matitinding konsepto at pananaw.

# MGA INAASAHANG CURATORIAL

Ang programang ito ay naghahanap ng mga makabagong Artista at Koponan ng mga Artista na may kakayahang malikhaing i-approach ang nakakaengganyo at aktibong pampublikong sining, at malalim na pang-unawa sa kung paano tinutulungan at hinahamon ng pampublikong sining ang ating komunidad at kapaligirang sibiko. Hihilingin sa mga Artista o Koponan ng mga Artista na na-shortlist sa pamamagitan ng RFQ na ito na tugunan ang mga napiling lokasyon bilang landmark na biswal na mga pagkakataon at lumikha ng nakakaengganyo at dinamikong elemento na nag-iimbita sa mga residente at bisita sa Lungsod na makipag-ugnayan, kumonekta at gumamit sa mga espasyo sa paligid ng sining.

Ang bawat isa sa mga indibidwal na lokasyon ay humihiling ng mga natatanging diskarte at malikhaing paggamit ng mga materyales at sustinabilidad. Iniimbitahan namin ang Mga Artista at Koponan ng mga Artista na mag-alok ng kanilang mga diskarte sa pagkamit ng mga layunin ng proyekto. Dapat isaalang-alang ng mga Artista at Koponan ng mga Artista ang sumusunod sa bawat pagkakataon:

- Pisikal na pakikipag-ugnayan sa publiko
- Paglikha ng maramihang mga biswal na anggulo at diskarte
- Buong araw na pagiging aktibo - Araw at gabi
- Paggamit ng mga malikhaing midyum
- Pagpapanatili at konserbasyon ng likhang sining

# PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Maaaring mag-aplay ang mga artista na may edad 18 pataas bilang indibidwal o koponan. Ang RFQ ay bukas sa lahat at hindi limitado sa anumang heyograpikong lokasyon ngunit ang mga sumusunod ay mahigpit na isasaalang-alang:

- Mga artista na maaaring magpakita ng kakayahang pangasiwaan ang disenyo, katha at pag-install ng mga pampublikong gawa - o may kasaysayan ng pakikipagtulungan sa mga koponan ng disenyo/paggawa/pag-i-inhinyero/pabrikasyon para magawa ang mga pangangailangang ito.
- Ang mga artistang walang dating karanasan sa pampublikong sining na nagpapakita ng kakayahang pamahalaan ang isang koponan upang maisakatuparan ang mga layunin ay mahigpit pa ring hinihikayat na mag-aplay.
- Ang mga artista sa tradisyonal at makasaysayang hindi gaanong kinakatawan na mga grupo ay mahigpit na hinihikayat na mag-aplay.

# PROSESONG PAGPILI

Susuriin ng Komisyon sa Sining at Kultura ng Lungsod ng Glendale ang lahat ng mga tugon sa RFQ na ito at magpapakita ng maikling listahan para sa pagsusuri ng Artist Review and Selection Committee para sa pagpili.

Ang mga napiling Artista o Koponan ng mga Artista ay iimbitahan na gumawa ng RFP (Request for Proposal) at aatasang maghatid ng mga konsepto at disenyo na partikular na lugar. *Ang mga inimbitahang mga Artista na ito ay bibigyan ng stipend pagkasumite ng mga tugon.* Ang kabuuang stipend ay depende sa kanilang mga indibidwal na pagkakataon sa lokasyon. Ang mga Inimbitahang Artista at Koponan ng mga Artista ay bibigyan ng mga karagdagang detalye ng lugar pati na rin ang mga sample na kontrata na susuriin sa prosesong ito.

Ang pagsusuri at pagmamarka ng mga Artista na nagsusumite ng RFQ ay nakasentro sa mga sumusunod na pamantayan:

## 1. MGA MASINING NA KWALIPIKASYON

Batay sa nakasulat na tugon at mga halimbawa ng naunang gawaing isinumite:

- Ang Artista ay maaaring magpakita ng isang lubhang masining na kakayahan batay sa kanilang nakaraang trabaho.
- Ang Artista ay may napatunayang kakayahan upang matagumpay na maisagawa ang proyekto sa loob ng timeline at mga badyet na ibinigay.
- Ang mga nakaraang gawa ng Artista ay nagpapakita ng angkop na koneksyon sa pagkakataon sa sining.

## 2. PAMPUBLIKONG KAUGNAYAN / OUTREACH SA KOMUNIDAD

Batay sa nakaraang gawain at nakasulat na mga tugon:

- Ang Artista ay nagpapakita ng isang malakas na pakiramdam ng pampublikong pakikipag-ugnayan at pagkakakonekta sa komunidad sa kanilang trabaho.
- Ang nakaraang gawain ng mga Artista ay nagpapakita ng antas ng aktibasyon sa manonood/audience.

## 3. PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA KULTURA

Batay sa mga tugon sa aplikasyon:

- Ang pagkakapantay-pantay sa kultura at lahi ay lubos na isasaalang-alang sa buong proseso ng pagpili. Ang pagkakapantay-pantay sa kultura ay titingnan sa pamamagitan ng lense ng mga demograpiko ng artista gayundin sa pamamagitan ng mga pananaw na ipinakita at kinakatawan sa pamamagitan ng likhang sining at mga karanasan ng Artista o Koponan ng mga Artista.

# BADYET

Ang mga badyet para sa bawat indibidwal na proyekto ay kasama sa pahina 7-9. Saklaw ng mga badyet batay sa saklaw ng trabaho.

Ang eksaktong huling kontrata ng komisyon ay tutukuyin batay sa naaprubahan at napiling mga panukala at sa mga pangangailangan ng bawat isa.

Kasama sa mga badyet ng komisyon ang mga bayarin sa Artista, mga gastos sa paggawa at pag-install ng likhang sining, insyurans, pagi-inhinyero at anumang gastos sa transportasyon pati na rin ang anumang iba pang gastos na nauugnay sa paglikha ng likhang sining kabilang ang mga pundasyon, footings, ilaw o karatula.

## MGA KINAKAILANGAN SA APLIKASYON

1. Liham ng Interes: Isama ang pangalan, adres, numero ng telepono, at email ng Nagmumungkahi. Bumuo ng isang pahayag (pinakamarami ang 1000 salita) na nagbabalangkas ng may-katuturang karanasan na natapos sa loob ng nakaraang limang taon at ang iyong interes sa pagbuo ng isang pampublikong panukala sa sining na positibong makaaapekto sa Lungsod ng Glendale.

2. Detalyadong Resume at CV

3. Mga Sample ng Mga Nakaraang Proyekto (Hanggang 5): Magpakita ng hanggang 5 nauugnay na nakaraang proyekto. Ang mga detalye ay dapat magsama ng mga naaangkop na larawan at litrato pati na rin ang impormasyon kabilang ang - Pamagat, badyet, kliyente, lokasyon, media/materyal, taon na natapos at isang maikling paglalarawan ng proyekto.

Maaaring mag-upload ng pdf at mga detalye sa platform ng pagsusumite.

4. Mga sanggunian: Magsumite ng dalawang sanggunian na kinabibilangan ng pangalan ng kliyente at contact person kasama ng pamagat, mga detalye ng kaugnay, at partikular na impormasyon ng proyekto na nauugnay sa nakalistang sanggunian. Makikipag-ugnayan lamang ang mga sanggunian kung natutugunan ng kandidato ang mga kwalipikasyon upang magpatuloy sa proseso ng pagpili.

## TIMELINE NG RFQ

Ang sumusunod na iskedyul ay maaaring i-update ng Lungsod sa anumang punto, ngunit ang nasa ibaba ay ang nilalayong timeline ng RFQ:

Inilabas ang RFQ: ika-27 ng Nobyembre, 2023 (9am PST)

Deadline para sa mga tanong: Ika-4 ng Disyembre, 2023 (5pm PST)

Tugon sa mga tanong na nai-post: Ika-8 ng Disyembre, 2023 (5pm PST)

Deadline ng aplikasyon: Ika-19 ng Enero, 2024 (5pm PST)

Piniling Shortlist: ika-9 ng Pebrero, 2024

- Magsisimula ang mga nasa-shortlist na Artista sa mga konseptwal na disenyo para ipakita sa Marso

Ang mga Artistang Na-shortlist ay magpapakita ng mga konsepto sa Pagpupulong ng Arts and Culture Commission:

Marso 2024

Piniling mga Finalist: Marso 2024


Ang mga pag-i-install ay tinatantya mula sa Taglagas 2024.

## PAANO MAG-APLAY

Matatanggap ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng Submittable:

<https://lebasseprojects.submittable.com/submit>

# MGA LOKASYON NG SINING



## OPORTUNIDAD 1 | MONTROSE

### MONTROSE CIRCULAR BENCHES

*Badyet na \$300,000*



Ang kapitbahayan ng Montrose ay matatagpuan sa Hilaga ng downtown Glendale. Ang kapitbahayan ay may maraming naglalakad na tao dahil sa mga tindahan at mga kaganapan na madalas na ginaganap sa Honolulu Avenue.

Ang lokasyon at proyektong ito ay tumatawag para sa isang Artista o Koponan ng mga Artistang magbibigay ng ipininta o maglalagay ng tile mosaic sa 3 kasalukuyang bangko.

## OPORTUNIDAD 2 | PALMER PARK

### MYURALSA BASKETBALL NG PALMER PARK *Bayad sa Disenyo ng Artista \$30,000*



Matatagpuan ang Palmer Park sa timog ng downtown Glendale. Nagtatampok ang parke ng mga lugar pang-piknik, palaruan, tampisawang pool, at basketball court. Ang malaking basketball court sa Palmer Park ay isang pagkakataon para sa likhang sining na maaaring umakit ng mga bisita.

Ang lokasyon at proyektong ito ay nananawagan ng Artista o Koponan ng mga Artistang maglalagay ng mural sa basketball court sa Palmer Park. Ang pagkakataong ito ay may bayad sa disenyo na \$30,000 na ilalaan sa artista, ang paglalagay ay gagawin nang hiwalay ng Lungsod ng Glendale.



## OPORTUNIDAD 3 | PATTERSON AVE TUNNEL

### PATTERSON AVE / 134 TUNNEL

*Badyet na \$300,000*



Malapit sa Fremont Park ang isang lagusan para sa mga pedestrian na umaabot sa ilalim ng 134 Freeway, mula sa Patterson Ave hanggang N Kenilworth Ave. Bilang isa sa ilang mga lugar maamo sa mga tumatawid sa freeway, ang lagusan ay madalas na pinupuntahan ng komunidad. Sa kasalukuyan, madilim ang ilaw nito at madalas na kailangang pintahan dahil sa graffiti.

Ang lokasyon at proyektong ito ay nananawagan sa isang Artista o Koponan ng mga Artistang maglalagay ng ilaw at gagawing mas maliwanag at mas nakaaakit na espasyo ang lagusan para magamit ng mga naglalakad.

# FAQS

## 1. Sino ang maaaring mag-aplay sa Glendale Art RFQ?

Bukas ang RFQ sa mga artistang 18+.

## 2. Ano ang kwalipikasyon bilang isang karapat-dapat na artista o koponan ng mga artista?

Ang mga sumusunod na pagsasaalang-alang ay lubos na bibigyang-pansin:

- Ang mga artista na maaaring magpakita ng kakayahang pangasiwaan ang disenyo, paggawa at paglalagay ng mga pampublikong gawa - o may kasaysayan ng pakikipagtulungan sa mga koponan ng disenyo/paggawa/pag-i-inhinyero/pabrikasyon upang maisakatuparan ang mga pangangailangang ito.
- Ang mga artista na walang dating karanasan sa pampublikong sining na nagpapakita ng kakayahang pamahalaan ang isang koponan upang maisakatuparan ang mga layunin ay mahigpit pa ring hinihikayat na mag-aplay.
- Ang mga artista na tradisyonal at makasaysayang hindi gaanong kinakatawan na mga grupo ay mahigpit na hinihikayat na mag-aplay.

## 3. Kailangan bang magmungkahi ng konsepto ang mga artista para mag-aplay?

Hindi, ang RFQ na ito ay para sa mga kwalipikasyon lamang. Ang isang shortlist ng mga artista ay pipiliin mula sa mga aplikante upang magpatuloy sa susunod na yugto ng pagbuo ng mga konsepto na ipapakita sa Glendale Arts Commission. Makatatanggap ang mga finalist na ito ng stipend para sa kanilang ginawang disenyo ng konsepto. Ang mga aplikante ay hindi dapat magmungkahi ng isang konsepto kapag nag-aaplay sa RFQ.

## 4. Maaari bang mag-aplay ang mga artista para sa maraming lokasyon ng instolasyon?

Oo, hinihikayat ang mga artista na mag-aplay para sa mga oportunidad na instolasyon na pinakaangkop sa kanilang mga kwalipikasyon. Mangyaring mag-apply lamang para sa mga oportunidad na pinakamahusay na nagpapakita ng nakaraang trabaho at mga kasanayan.

## 5. Kailangan bang magsumite ng aplikasyon ang mga artista para sa bawat lokasyon?

Hindi, kakailanganin lang ng mga artista na magsumite ng isang aplikasyon. Ang aplikasyon ay magbibigay-daan sa mga artistang suriin ang bawat lokasyon kung saan sila interesadong mag-aplay.

## 6. Makatatanggap ba ng stipend ang mga artista para sa kanilang trabaho?

Hihilingin sa mga piling finalist na lumikha ng mga disenyo ng konsepto na partikular sa lugar upang ipakita sa Glendale Arts Commission. Makatatanggap ng stipend ang mga napiling artista para sa kanilang gawang konsepto.

## 7. Kailan ang deadline ng aplikasyon?

Ang deadline ng aplikasyon sa RFQ ay sa ika-19 ng Enero, 2024, 5pm PST.

## 8. Paano dapat isumite ng mga koponan ng mga artista ang kanilang mga CV?

Maaaring pagsamahin ng mga artista ang kanilang mga CV sa isang PDF para sa pagsusumite.

## 9. Mayroon bang maximum na bilang ng salita para sa pagbibigay ng nauugnay na impormasyon ng proyekto sa ilalim ng Mga Sanggunian?

Walang maximum na bilang ng salita, ngunit mas gusto ang maikling paglalarawan ng proyekto at likhang sining.

## 10. Kung mag-a-aplay bilang isang koponan ng mga artista, isasaalang-alang ba ang mga kolektibong karanasan ng pangkat ng mga artista, o ang pagpili ba ay pangunahing ibabatay sa gawa ng isang artista?

Ang pagpili ay ibabatay sa kolektibong karanasan ng isang koponan ng mga artista. Mas kapaki-pakinabang na magbigay ng karanasan ng koponan sa kabuuan upang maipakita ang gawain ng grupo.

## 11. Paano maisusumite ng mga artista ang mga paglalarawan ng limang halimbawa ng gawa?

Maaaring magsumite ang mga artista ng limang magkakaibang file, isa para sa bawat halimbawa ng gawa, kasama ang paglalarawan ng likhang sining na iyon sa bawat isa sa mga file. Maaari ring pagsamahin ng mga artista ang lahat ng mga halimbawa at paglalarawan ng gawa sa isang PDF.